



SHAMANN WALTON

華頌善

FOR IMMEDIATE RELEASE

Monday, May 6, 2024

Contact: Natalie Gee, natalie.gee@sfgov.org

PRESS RELEASE: RALLY AT PAGDIDINIG PARA PALAKASIN ANG LANGUAGE ACCESS SA SAN FRANCISCO

SAN FRANCISCO, CA – Nitong Lunes ng umaga, ang mga nag aadbokasiya para sa komunidad at si Superbisor Shamann Walton ay nagtipon sa harap ng City Hall para ipahayag ang karagdagang mga susog upang palakasin ang Ordinansa ng San Francisco sa pag akses sa wika bago simulan ang pagdidinig sa naturang ordinansa sa Rules Committee ng Lupon ng mga Superbisor. Kasama sa mga susog ang pagbaba sa opisyal na antas ng wika (language threshold) ng lungsod sa 6,000 katao na may limitadong ang kakayahang mag Ingles (Limited English Proficiency (LEP)), kung saan ang Vietnamese ay gagawing official certified language ng Lungsod at County ng San Francisco sa loob ng darating na dalawang taon. Ang Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs ay bibigyan ng karagdagang tungkulin para tulungan ang mga Departamento ng Lungsod na mag buo ng kani-kanilang kapasidad sa larangan ng pag akses sa wika (language access). Ang San Francisco ay tirahan ng marami at ibat-ibang komunidad ng mga imigrante at pinangungunahan ang buong bansa sa pagbibigay ng serbisyo sa pag akses sa wika na may pinakamatatag at pinakamalawak na lokal na batas sa pag akses sa wika. Ang mga bagong susog ay kumakatawan ng patuloy na pangako ng lungsod na bigyan ng mataas na uri ng serbisyo sa mga komunidad na nagsasalita ng wikang bukod pa sa Ingles.

Nuong 1973, pinagtibay ng mga mambabatas ng California (California State Legislature) ang Dymally-Alatorre Bilingual Services Act, na nag aatas sa mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan na bigyan ng serbisyo ang mga taong LEP at nuong 1999, nagsagawa ang California State Auditor ng pag aaral kung saan napag alaman na may ilang mga tanggapan ng estado na hindi nakaka sunod sa Dymally-Alatorre Act. Bilang tugon, pinagtibay ng Lupon ng mga Superbisor nuong 2001 ang Equal Access to Services Ordinance, na nag atas sa mga pangunahing departamento na magbigay ng serbisyong pag akses sa wika (language access) sa mga taong LEP. Nuong 2009, sa pamamagitan ng mga pagpapabuting pinangunahan ni dating Superbisor David Chiu, na siya nating kasalukyang City Attorney, binago ang pangalan ng Equal Access to Services Ordinance at ito ay naging Language Access Ordinance, para palakihin at masakop dito ang mas maraming departamento ng lungsod at itatag ang Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (OCEIA). Ang pinakahuling pagpapalakas sa Language Access Ordinance ay nuong 2015, na pinangunahan ni dating Superbisor Katy Tang.

Nitong nagdaang taon, binago ng California State Legislature ang Dymally-Alatorre Bilingual Services Act ng 1973 para mag atas ng pagsalalin wika sa mga oras ng emergency, kung saan may naka akhang banta ng malubhang pinsala o may maraming nasaktan, pati na rin sa mga oras ng natural na kalamidad o



SHAMANN WALTON

華頌善

mga kondisyon na may banta na sukdulang panganib sa kaligtasan ng mga tao at mga ari-arian. Ang mga susog ng Lehislatura ay tugon sa mga kritikal na sitwasyon tulad ng walang habas na pamamari sa Half Moon Bay at Monterey Park pati na rin sa nasirang levee sa Monterey County, kung saan ito ay lubhang nakaapekto sa mga komunidad na may maraming mga LEP. Dokumentado sa balita ng iba't-ibang media ang kabiguan ng mga lokal na ahensiya na magbigay ng serbisyo sa wika para ipaabot ang mga mahalagang impormasyon tugkol sa kaligtasan at akses para madaling makabangon ang mga apektadong komunidad.

Mula ng isampa ang mga susog sa Language Access Ordinance nuong nakaraang taon, sinikap ni Superbisor Walton na masusing makipagtulungan sa mga kasosoyo sa komunidad (community partners) at OCEIA para lumikha ng karagdagang mga susog na isinusulong ng komunidad para palakasin ang kasalukuyang Language Access Ordinance upang tugunan ang mga kakapusan sa paghahatid ng akses gamit ang wika sa mga serbisyo ng lungsod. Binigyang diin ng pandemya ng COVID-19 at mga emergency sa kalusugan ang mga balakid sa pag akses sa wika at ang mga hindi pagkakapantay-pantay na katayuan para sa maraming mga LEP at nilinaw dito na dapat unahin ng mga departamento ng Lungsod ang pag akses sa wika (access services) sa panahon ng emergency na may kaugnayan sa kalusugan, mga gawaing pagtugon sa mga sakuna o disaster, at lahat nang mga krisis sa pampublikong kaligtasan sa paraan na kung saan ang mga pagtugon dito ay nakatututok sa komunidad na may ganap na pakikipag ugnayan sa mga residenteng nagsasalita o mas kampanteng magsalita sa kanilang sariling wika. Mula nang panahon kung saan huling binago ang Language Access Ordinance, ang mga serbisyong digital, mga nilalaman ng website (web-based content), at mga online medium na naghahatid ng mahahalagang kaalaman tungkol sa mga programa at serbisyo ng Lungsod ay mas lalo pang dumami.

Bagama't malaki ang mga pag sulong ng Lungsod sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pag akses sa wika, ayon sa nag daang ulat ([Annual Language Access Report](#)) ng OCEIA, lumalabas sa may kakapusan pa rin sa mga serbisyo sa wika na siyang nakaka hadlang sa kakayahan ng Lungsod para mapag lingkuran ang lahat ng mga residente at ang pagbibigay ng napapanahon na akses sa impormasyon nang sa gayon ay lahat ay puwedeng maki bahagi sa mga serbisyo at programa ng Lungsod.

“Malaki ang ambag ang ating mga komunidad ng mga imigrante sa ating pinag habing mga kultura at ekonomiya sa San Francisco kung kaya kailangan nating ipatuloy ang pagpapalawig at pagpapalakas ng ating serbisyong pag akses sa wika para tiyakin na lahat ay nakakasali sa mga proseso ng lungsod,” wika ni Superbisor Shamann Walton ng District 10, “Itong mga susog sa Language Access Ordinance ay mula sa proseso ng pakikipagtulungan sa pagitan ng aming tanggapan, ni Superbisor Chan, ng Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs, ng Immigrant Rights Commission, ng Language Access Network, at mga community advocate. Patuloy kaming magsisikap kasama ng lahat ng ating mga Departamento ng Lungsod para tiyakin na naghahatid kami ng mataas na klaseng serbisyo sa pag akses sa wika matapos na pagtibayin itong naturang batas.”



SHAMANN WALTON

華頌善

“Halos isa sa bawa’t limang residente ng San Francisco ay itinuturing ang kanilang sarili na may limitadong kakayahang sa Ingles (Limited English Proficient). Lumalabas dito na para sa karamihan, ang pag akses sa impormasyon at serbisyo ay nakasalalay sa ating kakayahang makipag usap sa marami at iba’t-ibang wika,” ani ni Jorge Rivas, direktor ng Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs. “Ang mga susog ay malaking tulong para tiyakin ang patas na pag-akses sa mga serbisyo ng Lungsod at mahahalagang impormasyon para sa lahat ng taga San Francisco, ginagawang mas ligtas, malusog at mas makatarungan ang ating lungsod para sa lahat.”

"Ipinaglalaman ng Immigrant Rights Commission ang katarungan sa wika mula pa nuong itatag ito mahigit nang 25 taon ang nakaraan," wika ni Celine Kennelly, tagapangulo ng Immigrant Rights Commission. "Isinulong namin ang unang pag balangkas ng Language Access Ordinance nuong 2001 para tiyakin na may pantay na pag akses sa mga serbisyo ng Lungsod ang lahat ng taga San Francisco. Ngayon, malugod na nakikibahagi ang Immigrant Rights Commission sa mga pinuno ng Lungsod sa isa pang pag habbang tungo sa pagpapabuti ng pag akses sa wika."

“Ang pag akses sa wika ay haligi ng demokrasya at panlipunang katarungan,” sabi ni Anisha Hingorani, Policy Manager ng Chinese for Affirmative Action, isang samahan na kabahagi sa Language Access Network. “Sa Lungsod na may iba’t-ibang tao tulad ng San Francisco, ang pagtanggap sa pagkakaiba-ibang wika ay di lamang layunin -- ito ay isang obligasyon. Sa pag baklas ng mga hadlang, hindi lang natin pinapabuti ang komunikasyon, bagkus itinataas din ang pagpapahalaga sa pagkakapantay-pantay, dignidad at oportunidad para sa lahat.”

“Palalawakin ng mga bagong susog ang pag akses sa wila para sa mga miembro ng ating imigranteng komunidad, kasama ng pagpapalaki ng pagsasalin wika sa telepono at isinulat na pagsasalin para sa lahat ng mga wika” sabi ni Vanessa Bohm, Director ng CARCEN SF papra sa Family Wellness and health Promotion Program. “Napakalaking bagay ito para sa mga bagong dating na pamilyang imigrante, kasama na ang mga nagmula sa mga bahagi ng Mexito at Gitnang America, na kung saan marami ang nagsasalita ng wikang Mayan, na kanilang katutubong wika at mas lalong maginhawa at mabisa sa kanila ang pag akses ng mga serbisyo na gamit ang kanilang katutubong wika.”

“Kaya’t pinupuri namin ang pagsisikap ng lahat ng narito ngayon at ang kanilang pamumuno para palakasin ang mga pagbabago sa Language Access Ordinance tulad ng karapatan para mag pasalin gamit ang telepono at mga isinulat na pagsalin para sa lahat ng wika,” sabi ni P.J Eugenio, Workforce Counselor ng SOMCAN. “Inaasahan namin ang resolusyon ng Lupon na magpapatuloy ng ating sama-samang pagsisikap kasama ng OCEIA para maki pagtulongan sa komunidad sa pag tugon sa mga pangunahing alalahanin tungkol sa equity.”



SHAMANN WALTON

華頌善

Habang nananatili ang Lungsod sa pamumuno sa bansa sa larangan ng pag akses sa wika, dapat na ipagpatuloy ng Lungsod na gawin ang lahat na makakayanan nito para tiyakin na lahat ng departamento ng Lungsod na may pampublikong pakikipag ugnayan o nagbabahagi ng kaalaman sa madla ay tumutupad sa Language Access Ordinance. Layon ng mga panukalang susog na alisin ang mga hadlang sa paglahok nga mga LEP sa mga proseso ng Lungsod sa pamamagitan ng paghimok sa mga departamento na dagdagan ang dami ng mga bilingual na kawani at serbisyo sa mga wika, mas pagbutihin at ipagpatuloy ang pag akses sa wika gamit ang telepono at digital na pamamaraan, dagdagan ang pagpapalano para sa mga serbisyo sa wika at pakikipag tulungan para sa mga pampublikong krisis, sakuna at emergency.

Kasama sa mga karagdagang susog sa Language Access Ordinance ng Lungsod ang:

- Pagpapatupad ng mga bagong kautusan ng Dymally-Alatorre Bilingual Services Act para sa serbisyong pag salin-wika sa mga panahon ng emergency at sakuna.
- Mga pagbabago dulot ng mga napag alaman sa mga ulat tungkol sa language access sa San Francisco.
- Kasama ang mga anunsyong pampubliko (Public Service Announcements) at vital information sa iba't-ibang wika.
- Pagbaba ng kaukulang antas para sa wika (language threshold) mula sa 10,000 residente, ito ay ibaba sa 6,000 residente, at sa kasalukuyan ay isasama na ang Vietnamese, na magkakabisa matapos ang dalawang taon mula ng pinagtibay ang ordinansa.
- Inaatasan ang mga departamento ng Lungsod na ilista ang kanilang mga kawaning bilingual at ang kani-lanilang mga wika.
- Magbahagi ng mga isinulat na materyal sa hiniling na wika para sa mga taong LEP sa loob ng 48 oras nang may matapat na pagsisikap para isalin wika ang mga itosa loob ng makatiwang panahon at oras.
- Magtatatag ng mas pinahusay na pamamaraan para sa pagreklamo sa pamamagitan ng OCEIA para sa mga hirap na dinanas patungkol sa mga serbisyo sa pag akses sa wika, kaalinsabay ng pag bibigay-alam sa publiko tungkol sa mga proseso sa pagreklamo at mga mekanismo para sa alamin ang kanilang masasabi (feedback).
- Pag likha ng polyeto (brochure) na “alamin-ang-inyong-mga karapatan” (know-your-rights) sa iba't-ibang wika.
- Pag buo ng standard na listahan ng bokabularyo (vocabulary) para sa mga wikang kinilala sa ilaim ng ordinansa.
- Madaling makitang paalala na may nakalaang serbisyo sa pag akses sa wika sa mga gusali ng Lungsod.
- Paglilinaw ng mga katagang interpretation at translation sa kabuuhan ng ordinansa.



SHAMANN WALTON

華頌善

- Pagpapalakas sa tungkulin ng OCEIA sa pagpapatupad sa pagsunod, paggabay, at pagtulong para bumuo ng kapasidad para sa mga departamento ng Lungsod.
- Pagpapalawig ng pag akses sa wika para sa mga serbisyong digital at social media.
- Pagkilala ng mga opisyal na mga ginagamit na wika: Tsino-Cantonese, Kastila, at Filipino.
- Pag aatas na isalin wika ng mga karatula.
- Pag codify ng mga hakbang (protocols) sa pag akses sa wika para sa mga first responders.
- Nag aatas na ang pag ulat sa mga reklamo sa bawat ikatong buwan at taunang buod ng ulat sa pag akses sa wika ay ipahatid sa Lupon ng mga Superbisor.
- Pagbibigay diin sa tungkulin ng mga departamento na mag badyet para sa pag akses sa wika at mga bilingual na kawani.

Ang Language Access Ordinance ay para sa mga serbisyo at impormasyon na ibinabahagi ng Lungsod at County ng San Francisco, bagamat ang mga negosyo, health provider, at mga organisasyon na nakiki pag ugnayan sa mga populasyon na may limitadong kasanayan mag Ingles o mas kampanateng magsalita gamit ang kanilang sariling wika ay dapat ding tapat na magsikap na magkapag bigay ng akses para sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran gamit ang kani-kanilang wika.

Nagkakaisa ang lahat ng miyembro ng komite sa mga alituntunin (Rules Committee) na isulong ang mga susog sa Language Access Ordinance at ito ay dadaan sa pangalawang pagbasa sa naturang Committee bago ito dalhin sa mga pagpupulong ng lahat ng lupon (full Board of Supervisors Meetings). Ang mga pampublikong komento tungkol sa mga susog sa Language Access Ordinance ay maaaring ipadala gamit ang email, sa board.of.supervisors@sfgov.org.

###